## IV. Pamamaraan ng Paggamit

Ang maayos na naiimbak na *FFJ* ay tatagal ng hanggang anim na buwan kung hindi agad magagamit. Gamitin ito sa mga sumusunod na sitwasyon:

**Bilang pampabilis sa ginagawa ng mikrobyo**

Maghalo ng dalawang kutsarang *FFJ* (*20ml*) sa isang litro ng tubig. Ilipat sa malinis na *sprayer*/pambomba. Ipisik sa lupa hanggang sa mabasa ito.

**Bilang pampabulaklak at pampabunga**

Maghalo ng dalawang kutsarang *FFJ* (*20ml*) sa isang litro ng tubig. Ilipat sa malinis na *sprayer*/pambomba. Ipisik sa dahon ng halaman sa pagsisimula ng pagbubulaklak nito hanggang sa mabuo na ang bunga tuwing umagang-umaga, mga bandang alas-kwatro hanggang ala-sais ng umaga o kaya naman ay tuwing dapit-hapon na, mga bandang ala-singko.
Gawin ito ng lingguhan.

**Bilang pampabilis magpabulok**

Maghalo ng dalawang kutsarang *FFJ* (*20ml*) sa isang litro ng tubig. Ilipat sa malinis na *sprayer*/pambomba. Ipisik sa *compost* hanggang sa mabasa ito.

**Bilang pampainom sa alagang hayop**

Maghalo ng dalawang kutsarang *FFJ* (*20ml*) sa isang litro ng tubig. Ibigay itong inumin sa mga alagang hayop. Maari din maghalo ng dalawang kutsarang *FFJ* (*20ml*) sa isang litro ng tubig na inumin ng tao.

## V. Mga Benepisyo ng Paggamit ng *FFJ*

1. Nagbibigay ng sustansya sa halaman na nakakatulong upang maging matibay at matatag na labanan ang mga peste at sakit.
2. Nakakatulong upang pagyabungin ang mga kaibigang organismo sa lupa.
3. Nakakatulong upang maging maganda at mataba ang lupang taniman.

## VI. Sanggunian at mapapagkukuhanan ng impormasyon:

**Bulacan Agricultural State College - Extension Services Office**
*Website: www.basc.edu.ph*
*E-mail: bascextensionservices@gmail.com*
*Facebook: BASC Extension Services*

**Dr. Imee D. Esguerra**
Extension Director
*Contact No.: (639)32-597-4498*

Ang babasahing ito ay bunga ng proyektong *Going Back to Basic Plant, Raise & Sustain the Chemical Pesticide-Free Integrated Backyard Farming* na isinagawa ng *Bulacan Agricultural State College*, gamit ang pondo mula sa *Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development* (*DOST-PCAARRD*) at sa pakikipagtulungan ng Lokal na Pamhalaan ng San Indelfonso, San Miguel at San Rafael, Bulacan. Layunin ng proyektong ito na matugunan ang pangangailangan sa ligtas na pagkain sa gitna ng pandemya habang pinalalakas ang sector ng kababaihan sa komunidad.

# PAMAMARAAN SA PAGGAWA NG *FERMENTED FRUIT JUICE(FFJ)*




Bulacan Agricultural State College and Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development

# I. Ano ang *Fermented Fruit Juice* o *FFJ*?

Ang *FFJ* ay isang likidong pataba na gawa mula sa sobrang hinog na prutas, gulay at bungang-ugat na hinaluan ng molasses hanggang sa ito aymaburo. Ito ay ipinipisik sa halaman upang mapagyabong ang pamumulaklak at pagbubunga nito.

# II. Mga Hakbang sa Paggawa ng *FFJ*?

## A. Mga Sangkap

| Sangkap | Dami/ Sukat | Dami ng magagawa |
|---|---|---|
| Isa o higit pa sa mga sumusunod na prutas: Kalabasa, Papaya, Saging, Mangga, Marang, Langka, Pakwan | 1 kilo | 1 litrong *FFJ* |
| *Molasses*/Asukal na *muscovado* | 1 kilo | |

## B. Mga Kagamitan

| Gamit | Dami/Sukat |
|---|---|
| Timba | 1 piraso |
| Timbangan | 1 piraso |
| *Manila paper* | 1 piraso(depende sa laki ng timbang gagamitin) |
| Pandikit at pansulat | 1 piraso |
| Malinis na tela | 1 piraso |
| *Net* | 1 piraso(kalahating bahagi ng sako ng sibuyas) |
| Goma | 2 piraso |
| Malinis na bato | 5 piraso(may bigat na di baba sa 50g) |
| Kampit/Kutsilyo | 1 piraso |
| Sangkalan | 1 piraso |
| Kahoy na Panghalo | 1 piraso |

## C. Mga Hakbang sa Paggawa



1. Kumuha ng hinog na prutas bago sumikat ang araw. Hiwa-hiwain ito sa maliliit na piraso upang madaling mailabas ang katas kapag piniga.



2. Paghaluin ang mga sumusunod na sangkap sa sukat na isang kilo ng hinog na prutas kada isang kilong *molasses* (1:1).




3. Ilagay ang pinaghalong mga sangkap sa timba. Haluin gamit ang kahoy na panghalo.



4. Kuhanin ang *net* at ilagay sa ibabaw ng pinaghalong mga sangkap sa loob ng timba. Patungan ng malinis na bato. Ang hakbang na ito ang magpapababa sa mga sangkap na siyang lilikha ng ninanais na pagkabulok ng mga ito.



5. Gamit ang malinis na tela, punasan ang paikot na gawing itaas na bahagi ng timba.




6. Takipan ng *Manila paper* at siguraduhing maayos na nakasara ito gamit ang goma o pantali. Lagyan ng pangalan na *FFJ*, petsa kung kailan ginawa at kung kailan ito aanihin.



7. Itabi sa isang lugar na malamig, tuyo at malayo sa direktang sikat ng araw sa loob ng 10 hanggang 14 na araw hanggang sa mabulok ito.



8. Sa pag-aani ng *FFJ*, salain ang katas upang maihiwalay ito mula sa pinaghalong mga sangkap.



9. Ilipat ang naaning katas sa isang malinis na bote. Huwag gaanong isara ang takip dahil patuloy na mamumuo ang *pressure* sa loob ng dalawang linggo.




10. Iimbak ang *FFJ* sa malamig na lugar malayo sa direktang sikat ng araw.